


# EPP-ICT

## Modyul 10:

### Gusto mo bang Gumuhit? (Pagguhit gamit ang drawing tool o graphic software)



**EPP - ICT Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Modyul 10: Gusto mo bang Gumuhit? (Pagguhit gamit ang drawing tool o  
graphic software)  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marivic B. Abawag  
**Editor:** Jelly M. Flores  
**Tagasuri:** Filip P. Cañas  
**Tagaguhit:** Fatima Preciousa T. Cabug  
**Tagalapat:** Fatima Preciousa T. Cabug  
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.  
Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez  
Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

# **EPP-ICT**

## **Modyul 10:**

**Gusto mo bang Gumuhit?**  
***(Pagguhit gamit ang drawing  
tool o  
graphic software)***

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Mahilig ka bang gumuhit? Ano ba ang kapakinabangan na naidudulot nito? Anu-ano ba ang karaniwang ginagamit mo sa pagguhit? Gumagamit ka ba ng lapis at pangkulay? Alam mo ba na maaari kang gumuhit kahit wala ang mga bagay na ito gamit lamang ang computer? Ito ang pag-aaralan natin sa module na ito. Kung paano gumuhit gamit ang computer.

Sa modyul na ito ay inaasahang naisasagawa ng mag-aaral ang mga sumusunod:



- nakatutukoy ng command buttons sa drawing tools o graphic software; at
- nakaguguhit gamit ang drawing tools o graphic software.



## Subukin

Kaya Mo na Ba?

A. Subukan natin kung kaya mo na ang sumusunod na kaalaman at kasanayan. Lagyan mo ng bituin (★) ang hanay ng thumbs up na icon kung taglay mo na at buwan (☾) ang thumbs down icon kung hindi pa.

Gamit ang isang drawing software,kaya ko na...		
1. matukoy ang command tools na ginagamit sa pagguhit		
2. gumamit ng kulay sa pagguhit		
3. burahin ang isang bahagi ng larawan gamit ang angkop na tool		
4. maglagay ng text sa larawan		
5. mag-save ng file gamit ang angkop na format		

B. Magbigay ng limang mga kagamitan na maaaring gamitin sa pagguhit.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

**Lesson**  
**10**

**ICT: Gusto mo bang  
Gumuhit?** *(Pagguhit gamit ang  
drawing tool o graphic software)*



***Balikan***

Punan ang nawawalang salita sa pangungusap upang mabuo ang mga paraan sa pagpapadala ng email na may kalakip na dokumento. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

Compose	attach	
Browse	send	dokumento

1. I-click ang \_\_\_\_\_ Mail.
2. I-click ang \_\_\_\_\_ a file.
3. I-click ang \_\_\_\_\_ upang mahanap ang folder kung saan nakalagay ang ilalakip ng file.
4. Kung ganap na nailakip ang \_\_\_\_\_, makikita ito sa link ng attachment names.
5. I-click ang \_\_\_\_\_.



## ***Tuklasin***

Kung ikaw ay papipiliin saan mo gustong tumira sa isang lugar na maraming mga puno at sariwa ang hangin o sa isang lugar na halos gusali at malalaking pabrika ang iyong makikita?

Nais ko na iguhit mo ang lugar na gusto mo talagang tirahan sa isang malinis ng bond paper. Kulayan ito at sumulat ng 3-5 pangungusap tungkol dito kung bakit ito ang napili mong lugar.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---





## ***Suriin***

Kanina sa gawain natin iyong iginuhit ang lugar na gusto mong tirahan. Anu-ano ang mga kagamitan na ginamit mo sa pagguhit?

Ano ba ang kahalagan ng pagguhit?

Naipapakita ba natin sa pagguhit ang ating mensahe o nararamdaman sa isang bagay?


Kung ipapakita sayo ang sumusunod na larawan anong mensahe kaya ang nais nitong iparating?




Source:Fatima Preciousa T. Cabug,2019 2



Source:Fatima Preciousa T. Cabug,2019 3



Source:Fatima Preciousa T. Cabug,2019 1



Source:Fatima Preciousa T. Cabug,2019 5



Source:Fatima Preciousa T. Cabug,2019 4

Larawan	Mensahe na nais Iparating
1	
2	
3	
4	
5	


**Alam mo ba na may iba pang paraan ng pagguhit?**







Maaari kang gumuhit ng larawan gamit ang computer sa pamamagitan ng drawing tools o graphic software. Malilinig ang iyong pagiging malikhain dahil nagtataglay ito ng mga tools na gaya ng ginagamit ng mga propesyunal na pintor.





Gaya ng nakagawiang paraan ng pagguhit at pagpipinta na di gumagamit ng computer, ang graphic software ay mayroong drawing area na nagsisilbing canvas o papel sa isang pintor.

Buksan ang sumusunod upang masiyasat ang paggamit nito:

1. Buksan ang MS Paint. Tingnan ang interface nito. Ano ang pagkakaiba nito sa word processor at spreadsheet application?



<p>a. Paint tool-naglalaman ng mga command tools na gagamitin sa paggawa ng bago,pagbukas at pag-save ng file.</p>	
<p>b. Quick access toolbar-naglalaman ng mga tool shortcuts para sa mabilisang pag-access dito.</p>	
<p>c. Ribbon-naglalaman ng iba't ibang tools na maaaring gamitin sa pagguhit, pagkulay, pag-edit ng larawan at iba pa.</p>	
<p>d. Drawing area- canvas kung saan maaaring gumuhit o mag edit ng larawan</p>	
<p>2. I-click ang pencil tool at color 1. Pumili ng kulay sa color pallete sa pamamagitan ng pag-click nito.</p>	
<p>3. I-click at drag ang mouse sa bahagi ng drawing canvas kung saan mo gustong gumuhit.</p>	
<p>4. Maaari kang magset ng dalawang kulay gamit ang Color 1 at Color 2. I-click</p>	

<p>ang Color 2 at pumili ng kulay gamit ang color palette.</p>	
<p>5. I-right click at i-drag ang mouse kung nais gamitin ang Color 2.</p>	
<p>6. Subukin mong magpalit ng brush at kulay. Mapapansin na may iba't ibang uri ng brush na maaaring gamitin. Ang bawat brush ay nakagagawa ng iba't ibang effects gaya ng mga artistic brush na gamit ng mga pintor.</p>	
<p>7. I-click ang eraser tool at itapat ang cursor sa drawing area na may larawan na may larawan. I-click at i-drag ang mouse sa bahaging may larawan. Pagmasadan kung ano ang mangyayari rito.</p>	


Ang isang larawan na ginawa sa paint ay maaaring i-save sa iba't ibang format. Ang JPEG, GIF, at PNG ang pinakamadalas gamitin.

**JPEG o Joint Photographic Experts Group.** Ang format na ito ay

compatible sa halos na devices at programs. Mas akma ang gamitin ang format na ito kung kailangan mong i-display ang larawan online.

**PNG o Portable Network Graphics.** Ang format na ito ay akma sa graphic image file tulad ng logo, infographics at maliit na images. Hindi ito compatible sa lahat ng software o applications.

**GIF o Graphics Interchange Format.** Ang format na ito ay akma sa maliit na graphics tulad ng banners, charts, at buttons.



## **Pagyamanin**

Handa ka na bang gumuhit gamit ang computer?


Halika at sundan natin ang mga hakbang upang makapagsimula ng simpleng guhit gamit ang iba't ibang hugis.

1. Buksan ang graphic application at magsimula ng bagong larawan.
2. I-click ang pencil tool button at pumili ng angkop na laki ng guhit gamit ang size tool.
3. Simulan ang pagguhit ng iba't ibang hugis tulad ng bilog, parisukat, bilohaba, tatsulok at parihaba.
4. I-click ang angkop na brush at pumili ng kulay na gagamitin. Kulayan ang iyong drawing.
5. Kulayan ang **bilog ng pula**, ang **parisukat ng asul**, **bilohaba ng dilaw**, **tatsulok ng rosas** at ang **parihaba ng berde**.
6. Palitan ang kulay ng drawing area gamit ang bucket tool.
7. I-save ang nabuong larawan.



## ***Isaisip***

Iguhit sa patlang ang hugis ng salitang tumutukoy sa tamang sagot.



- \_\_\_\_\_ 1. Naglalaman ng iba't ibang tools na maaaring gamitin sa pagguhit, pagkulay, pag edit ng larawan at iba pa.
- \_\_\_\_\_ 2. Naglalaman ng mga command tools na gagamitin sa paggawa ng bago, pagbukas at pag-save ng file.
- \_\_\_\_\_ 3. Naglalaman ng mga tool shortcuts para sa mabilisang pag-access ditto.
- \_\_\_\_\_ 4. Canvas kung saan maaaring gumuhit o mag edit ng larawan.
- \_\_\_\_\_ 5. Ito ay mayroong drawing area na nagsisilbing canvas o papel sa isang pintor.



## ***Isagawa***

Gawin Natin!


Nais ko na iginuhit mo gamit ang *graphic software* ang iginuhit mo kanina. Pagkatapos ay paghahambingin ang mga ito. Isulat ang pagkakapareho at pagkakaiba nito sa Table sa ibaba.

<b>Pagkakapareho</b>	<b>Pagkakaiba</b>



## **Tayahin**

Subukan mo na gumawa ng isang produkto gamit ang graphic software. Isa sa maaaring gawin sa pamamagitan nito ay ang isang digital painting. Nais ko na gayahin mo ang larawan sa ibaba.



*Source: Fatima Preciousa T. Cabug, 2019 6*

Tiyakin na ang kulay nito ay katulad ng nasa larawan. Ang bulaklak ay may kulay dilaw na talulot, ang tangkay at dahon ay kulay berde. (10 Puntos.)



### RUBRICS SA PAGGAWA

	5	4	3
<b>Kaangkupan</b>	Lubusang napaka angkop ng ginuhit	Angkop ang ilang bahagi ng ginuhit	Hindi angkop ang iginuhit
<b>Kalinisan at Kaayusan</b>	Lubusang napakalinis at maayos ang pagkakaguhit	Naging malinis at maayos ang pagkakaguhit	Di malinis at maayos ang pagkakaguhit



### ***Karagdagang Gawain***

Tuwing buwan ng Nobyembre ay ipinagdiriwang natin ang “Environmental Awareness Month” magkakaroon ng isang Artwork Display na magtatampok ng iba’t ibang larawan tungkol sa kalikasa. Lahat ng mga magiging produkto ng mag-aaral sa pagguhit ay itatampok sa nasabing display. Bilang isang mag-aaral na may pakialam sap ag-aalaga sa ating kalikasan ikaw ay inaatasang gumawa ng isang digital painting. Isumite ito sa guro sa sunod ninyong pagkikita.

Salamat sa oras na iyong binigay sa pagbabasa at pagsunod sa lahat ng mga Gawain.

Binabati kita.



## ***Susi sa Pagwawasto***

**Sagutin**  
B.  
1. lapis  
2. papel  
3. bond paper  
4. color pencil  
5. water color

**Balikan**  
1. compose  
2. attach  
3. browse  
4. dokumento  
5. send

**Isaisip**  
1. ribbon  
2. paint tool  
3. quick access tool  
bar  
4. drawing area  
5. graphic software

## ***Sanggunian***

Eden F. Samadan, Marlon L. Lalaguna, Virgilio L. Laggui, Marilou E. Marta R. Benisano. 2015. Edukasyong pantahanan at pangkabuhayan kagamitan ng mag-aaral. Pasig City Philippines 1600: Vibal Group, Inc

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)